Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF CABANATUAN CITY
BAKOD BAYAN INTEGRATED SCHOOL

SUMMATIVE TEST

GRADE IV – FILIPINO

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot sa pagpipilian at isulat sa sagutang papel.

**Bayani ng Bukid**

Sa aking paggawa ang tangi kong hangad
Ang ani ay dumami na para sa lahat
Kapag ang balana'y may pagkaing tiyak
Umaasa akong Poo'y magagalak.
At pagmasdan ninyo ang aking bakuran
Inyong makikita ang mga halaman
Dito nagmumula masarap na gulay
Paunang pampalakas sa ating katawan.

1. Sino ang tinutukoy na tauhan sa tulang binasa?

A. Doktor B. Guro C. Magsasaka D. Mangingisda

2. Ayon sa tula, kung pagmasdan ang bakuran na tinutukoy ng may-akda, ano ang iyong makikita?

A. Mga isda
B. Mga bata
C. Mga halaman
D. Mga pasyente Maraming dumalo sa ng pista sa aming barangay.

3. Alin ang tamang baybay ng salita na nararapat isulat sa patlang?

A. prosisyon B. prusesyon C. prusisyun D. prusisyon

4. Alin sa mga nasalungguhitang salita sa sumusunod na pangungusap ang naisulat sa wastong baybay?

A. Bumili ng plorera si tetser.
B. Maraming tao ang nanood ng kunsyertu.
C. Ang mga pasahero sa dyip ay nagsiksikan.
D. Si Ben ang nanguna sa klase bilang baledekturyan.

5. Ang mga nasalungguhitang salita sa sumusunod na pangungusap ay naisulat sa wastong baybay **MALIBAN** sa

A. Si tatay ay magaling sumayaw ng Chacha.
B. Ang larong basketbul ang nakahiligan ni Luis.
C. Mahilig ng tumbang preso ang mga anak ni Mang Lito.
D. Palaging naglalakad sa paligid ng plasa si lolo tuwing umaga.

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang S kung ang pahayag ay SANHI at B kung ang pahayag ay BUNGA. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. _____ Nag-aaral ng mabuti si Mia.

______ Mataas ang marka niya sa pagsusulit.

LIVEWORKSHEETS

2.______ Nasa ospital si Lito.

______ Mataas ang lagnat niya.

3._______ Bumagsak sa klase si Lea.

_______ Tamad siyang mag-aral.

4.______ Naging marumi ang dagat.

______ Maraming isda ang namamatay.

LIVEWORKSHEETS